# KAPASIYAHAN BLG. 2021-61

**"NAGPAPATIBAY SA ORDINANCE NO. 1, S-2021 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY BUISAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN LABING ISANG LIBO, TATLUMPU'T ISANG PISO AT ANIMNAPU'T LIMANG SENTIMO (PHP111,031.65)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Buisan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP111,031.65;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng bawat kabataan ng Barangay Buisan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Buisan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Ordinance No. 1, S-2021 Sangguniang Kabataan ng Barangay Buisan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (Supplemental Budget) para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Isang Daan labing Isang Libo Tatlumpu't Isang Piso Animnapu't Limang Sentimo (Php111,031.65).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-3 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-3 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim